# Synopsis

## Lato’t Ginto

Ang kwentong ito ay tungkol sa pagsisid ng lato at kung magkano ba ang halaga ng ginto.

Sa pagsisid ko ngayong araw, umahon akong mayroong hindi lamang dalawang kilo ng lato kundi pati narin isang gintong kwintas. Pero kanino ko nga ba dapat ito ipagkatiwala? Sa manginginom O sugarol?

**Lato't Ginto**

Papasikat pa lamang ang araw ay dilat na aking mata. Nakasanayan ko na kasi ang matagal na pagbangon kaya inaagahan ko nalang ang aking gising. Madalas nakatunganga lang ako sa bubong mula sa banig na pinaghahatian namin ng dalawa ko pang kapatid, minsan naman binibilang kung ilan ang butas ng yero namin, iniisip kung ilang kilo pa ng  lato ang kailangan kong sisirin para mapaayos ang bubong namin.

Lingguhan lang kung umuwi si tatay mula sa construction, kaya si lola lang ang madalas naming kasama sa bahay, wala din syang pinagkakakitaan, umaasa lang sa kung ano mang iabot ni tatay tuwing uuwi sya. Mabuti nalang may malapit na isla mula sa aming lugar na sagana sa lato o "sea grapes" kung tawagin ng mga taga-labas. Kung may tapang kang sumisid, eh siguradong may pera ka na pag-ahon mo. Lagi akong binabawalan ni lola noon, lapad na kahoy at limang palo sa puwit ang salubong nya sakin pagkauwi ko galing sa pangongolekta ng lato, pero sa katagalan ay nagsawa na yata sa kakulitan ko at hinahayaan nalang ako sumisid. Delikado daw kaya lagi nya akong sinusuway, pero gaya ng sinumang sabik sa barya, di ko alintana ang panganib.

Oras na para bumangon. Hindi naman aahon magisa ang mga lato para sakin. Mula sa banig dumiretso ako sa banyo para magmumog at maghilamos, at nung nagising na ang aking diwa ay lumasbas ako para mag almusal. Hingang malalim. "Walang kapantay", bulong ko sa sarili. Tanging ang sariwang hangin lang ng dalampasigan ang mababaon ko sa pagpalaot, ni saging na bulok wala akong naabutan sa lamesa. Buong buhay ko, ninais ko na sana sa kabayanan nalang kami ipinanganak

pero kahit marami palang bentahe ang buhay sa bayan, hindi mo pwedeng almusalin ang hangin doon.

Mayroon pa akong isang oras para sumisid at mangolekta ng lato, isang oras bago tumaas ang tubig at malagpasan ang antas na abot ng aking kakayahan sa pagsisid, isang oras para sa kakarampot na barya.

Madali kong tinulak patubig ang aming lumang bangka na minana pa ni tatay sa kanya ring tatay. Sa aking bangka ay ang natatangi kong goggles na naiwan ng ilang turistang dumayo saaming lugar ilang buwan nang nakakaraan, itim na timba na lalagyan ng lato, isang rosaryo na pilit ipinapadala ni lola sa bawat pagpalaot ko at syempre ang sagwan. Kasabay ng mabagal na pagsikat ng araw ang mabilis na pagsagwan ko sa maamong dagat. Dalisay. Animo'y nagiisa ako sa mundo noong sandaling iyon. Ako lang, at ang dagat, at ang sariwang hanging dumadampi sa aking balat. Sa gitna ng dagat naramdaman ko ang tunay na kahulugan ng kalayaan. Dama ko ang bigat ng sagwan sa aking mga bisig, ngunit wala ito kumpara sa gaan na nararamdaman ng aking dibdib tuwing naglalakbay ako sa dagat. Magisa, ngunit malaya.

Pagkatapos ng labinglimang minutong pagsasagwan ay narating ko na ang isla ng lato. Paraisong hindi naman nagtatago ngunit tila ako lang ang nakakatagpo. Sinuot ko ang goggles at nilubog ang ulo ko sa malinaw na tubig. Sagana parin. Pinagmasdan ko ang pagsayaw ng tila mga berdeng ubas na umuusbong sa ibabaw ng malalaking bato. Tahimik ang paligid, ngunit sa ilalim ay may libreng musika ang dagat. Hingang

maalim. Hinigop ko lahat ng hanging nagkasya sa aking maliit na baga, sinipit ang ilong at tuluyan nang sumuong sa malamig na dagat.

Sa loob ng ilang segundo ay tuluyan akong nilamon ng dagat, tanging lakas ng baga at haba ng hininga ang nagsilbi kong sandata. Bawat hampas ng mga kamay at paa ko sa tubig ay mas lumilinaw ang imahe ng mga lato, mas nagiging berde, mas bumibilog. Ilang segundo ng paglangoy pa at naabot ko na rin ang pugad mga berdeng ubas, walang katulad ang tanawin dito sa ilalim, palibhasa ay di pa nasisira ng mga tao. Kinilatis ko ng bahagya ang pugad. Ilang sandali pa at sinimulan ko na ang pagpitas. Dinaklot ko ang lato na mukhang pinakahinog at pinakamabigat sabay hila, unti-unti ko nang nararamdaman ang pagtakas ng hangin sa baga ko. Batid kong sandali nalang ang itatagal ko dito, madali akong lumangoy pataas pabalik sa aking bangka kasama ang bagong pitas na lato. Pagahon ko ay binanlawan ko agad ang mga lato para matanggal ang mga lumot o kung ano pa mang dumi ang nakakapit dito at saka isinalin sa itim na timba.

Pansin kong bahagya nang tumataas ang tubig ng dagat, sandali nalang at di ko na kakayaning sisirin ang pugad at lumangoy pabalik sa bangka. Sa aking tantya ay isang kilo palang ang nakokolekta ko, Dose pesos palang ang mahuhulog ko sa alkansya ko.

“Isa pa” bulong ko sa sarili. Isinuot ko ulit ang goggles at agad na lumusong sa dagat. Malayo pa ay pinagiisipan ko na kung alin ang dapat pitasin, kung alin ang mabigat, kung alin ang magpapabigat sa alkansya ko.  Napatingin ako sa kaliwa. Nakita ang isang malaking bungkos na nakahiwalay sa karamihan. Asintado. Hindi ko pinutol

ang aking titig hanggat sa maabot ko ito. Maberde, mabilog, mabigat, Jackpot! Dinakot ko ang bunkos mula sa ugat. Mas mabigat ito kumpara sa ibang lato, tila mas malalim ang pagkakabaon ng ugat, tila may nagpapabigat. Kumuha ako ng buwelo galling sa mga bato na pinakakataniman nito at saka humugot ng pwersa galing sa aking binti para mahugot ang ugat. Pagkapitas ay agad-agad na akong lumangoy pabalik sa bangka para banlawan ang mga lato. May napansin akong kakaiba sa gitna ng aking pagbabanlaw. Ginto! May gintong kwintas sa gitna ng bungkos. Nanlaki ang mga puyat kong mata sa nakita ko. Sa tinagal-tagal ko kasi sa mundo, ni minsan ay di pa ako nagmayri o nakapagsuot ng ginto. “Mayaman na ako!” ang agad ko naisip. Pero magkano nga ba kaya ang halaga nito? Hindi ko rin alam, basta ang naririnig ko sa matatanda mahal daw ang bentahan dito. Sumisid ako ngayong umaga sa pagnanais na kumita ng iilang pirasong barya, di ko inakalang aahon akong posibleng mas mayaman pa kay aling Sela na nagpapa 5-6 sa barrio namin.

Nawala ang lahat ng pagod ko  pagkahawak ko ng kwintas. Hindi ko na natapos ang pagbabanlaw sa mga natira pang lato, wala na akong ibang maisip kung hindi makauwi at agad agad mabenta ng ginto. Habang nagsasagwan ako pauwi di mabilang na tanong ang dumapo sa isip ko. Tulad ng: Sino kaya ang mayari ng kwintas? Pano ito napadpad sa gitna ng mga lato? Magkano kaya ito pag nabenta?. Walang malinaw na kasagutan sa kahit anong maisip kong tanong, lahat malabo, lahat nakakapagtaka. Ang alam ko lang noong sandaling ‘yon ay di ako mapakali, gusto ko nang makauwi.

Pagsadsad ko sa dalampasigan mabilis akong tumakbo papasok ng bahay namin. Sabik na sabik sana  akong ibalita kay lola ang tungkol sa kwintas, pero di ko na sya naabutan sa bahay, dinatnan ko nalang ang dalawa kong kapatid na nakahilata at

naghihilik pa. Malamang nasa bingguhan na si lola. Ganito sya araw-araw. Umagang-umaga palang nakagayak na para magbinggo. Ito lang kasi siguro ang nagpapasaya sakanya dito sa bario namin. Lagi nyang depensa na libangan nya lang ang pagbibinggo, pero kahit sino pa ang tanungin, di maikakaila na bisyo na ito ni lola. Minsan pinapanood ko syang nagpapatong ng bato sa mga naluma nang cards kila aling Linda habang naghahanap ng mga padiretso o pa-islant na pattern, o kung ano mang napagusapan nila sa simula ng laro. Madalang ko lang  makitang tumawa si lola, madalas sa bingguhan pa. Sabi nya noon, dahil daw sa kunsimisyon sa pagaalaga saamin kaya tuluyan nang inuban ang lahat ng buhok nya, paraan lang daw nya ang pagbibinggo para makabili ng pangtina. Mabuti sana kung ganito ang sitwasyon, pero hindi eh, madalas talo si lola. Madalas ubos ang pera. Kapag ganito ang nagyayari, siguradong kape ang uulamin namin.

Bigla akong napaisip kung dapat ko bang banggitin kay lola ang tungkol sa kwintas, alam ko kasing malamang sa malamng ipapatalo nya lang ulit sa bingo ang pagbebentahan nito.

Naisip ko kasing kung ako ang magbebenta ng kwintas ay siguradong babaratin lang yun sakin ng pagbebentahan ko, hindi ko naman kasi alam magkano ba dapat ang presyo ng ginto. Iisipin lang bibili na ano bang alam ng isang batang mangmang na tulad ko pagdating sa bentahan ng ginto, baka isipin lang din niyang ninakaw ko lang 'to.

"Kay tatay kaya?" napaisip ako saglit. Hindi pa rin ako sigurado. Tatlong araw pa bago ang sunod niyang uwi, na magtatagal lang ng dalawang araw. Dalawang araw na

nakahalik ang labi nya sa bote ng serbesa. Minsan magisa sa bahay, madalas kasama sila ninong Jomar. May mga araw na uutusan ako ni lola para umutang ng sardinas sa tindahan nila aling Nora, mabibigla nalang ako dahil malayo palang tila gusto na nya akong tirisin.

> "Ano? Ha, uutang ka nanamang bata ka? Yung magaling mong tatay hindi parin binabayaran yung nilagok nilang alak noong sabado! Aba'y magbayad naman kayo!"

"Ahhh, ehhhh, Sige po sasabihin ko po kay tatay pagkauwi nya." Yan lang ang alam kong isagot sa tuwing binubusog ako ng sermon ni aling Nora, wala din naman kasi akong maibabayad para manahmik na siya.

Madalas pinagdadasal ko na sana tumigil na sa paginom si tatay, pero dumaan ang mga araw, buwan at taon na walang pagbabago. Masakit sa puso tuwing sinasabi ng mga kapit bahay na lasengero daw ang tatay ko. Siguro tama nga sila, pero di ko pa rin sinusukuan ang pagasang magbabago pa si tatay.

Kapag nakita ni tatay ang kwintas, eh siguradong makikita nya lang to bilang pangtoma. Bakit ko pa ba bubuhusan ng gasolina ang apoy na pilit kong pinapatay?

Buong araw akong napaisip. Nakuha nang lumubog ng araw ay di ko parin alam ang gagawin. Ayaw ko naman kasing mapunta lang sa wala ang kwintas, mukha pa namang mamahalin.

Tinawag na kami ni lola para maghapunan. Ang ulam? Ginisang sayote. Kung pagbabasehan ang ulam namin ngayong gabi at ang pasimpleng pagkanta ni lola

habang naghahain, eh mukhang nanalo sya ngayong araw. Tinago ko muna ang kwintas sa loob ng unan ko para walang makakita at saka na ako umupo sa mesa. Habang kumakain naisip kong pasimpleng magtanong kay lola.

“La, may alam po ba kayo tungkol sa ginto?”

“Ah, Meron naman kahit papano. Para saan ba?”

Mabilis akong nagisip ng palusot, naisip kong sasabihin kong assignment ko lang ‘to ay di na nya masyadong uungkatin.

“Eh, assignment ko po kasi. Magkano po ba binebenta ang ginto?”

“Depende din yan, kung puro ang ginto mas mahal, magmumura naman kung may halo. Bibihira lang kasi yan kaya mahal”

Natahimik ako hanggang sa matapos kami kumain. Mas lalo ako naguluhan sa sagot ni lola. Ngayon kailangan ko pa palang alamin kung puro o hindi ang ginto dito sa kwintas bago pa ‘to mabenta.

Maaga akong natulog, ayaw ko na rin kasi isipin ang tungkol sa kwintas. Isang araw pa lang ‘to sakin eh pinapasakit na ang ulo ko. Tama nga siguro si lola noong mga panahong binabawalan nya pa ako sumisid. Lagi nya kasing sinasabi noon na walang mabuting maidudulot sa tao ang paghahangad ng maraming pera. Ang hirap paniwalaan nito noon, lalo pa’t galing kay lola na tambay sa bingguhan.

Kinabukasan inagahan ko ulit ang gising. Gaya ng nakasanayan, tumunganga muna ako sa bubong bago bumangon, pero ngayong umaga di ako nagbilang ng  butas ng yero namin. Ngayong umaga inisip ko ng maigi ang gagawin ko sa kwintas.

Pagkatapos kong magmuni-muni, dinukot ko na ang kwintas galing sa unan ko at saka ako lumabas para almusalin ang hangin sa dalampasigan. Hindi ko kasi kayang palampasin ang sariwang hangin tuwing bukang-liwayway. Pagkatapos kong magalmusal ay tinulak ko na ang bangka papunta sa tubig. Dinala ko parin ang goggles ko at rosaryo ni lola, pero ang itim na timba iniwan ko sa bahay. Hindi gaya ng dati, di ko ramdam ang kalayaan sa gitna ng dagat. Mabigat ang sagwan pero mas mabigat sa kalooban tanggapin na hindi ko piniling pagkatiwalaan ang sarili kong pamilya pagdating sa pera.

Pagdating ko sa isla nagpahinga muna ako sandali. Hindi ko na mabilang kung ilang beses na ako nagsagwan papunta dito, pero parang ito na ata ang pinakanakakapagod. Noong nakahinga na ako ng maluwag sinuot ko ang goggles at saka lumusong sa dagat, pero ngayong araw hindi lato ang sisisirin ko. Naghanap ako ng bato na sa ilalim lang ng tubig makikita, yung tipong kapag nakita mo eh alam mo na agad na galing ito sa dagat. Nakakita ako ng bato na katamtaman ang laki, magaspang at puno ng butas, pinulot ko ito at saka agad umahon pabalik sa bangka.

Itinali ko saglit ang bangka sa pinakamalapit na puno para hindi tangayin ng malilit na alon. Ako naman, pumasok sa loob ng isla.  Naglakadlakad ako sandali hanggang sa mahanap ko ang pinakamalaking puno sa isla. “Dito nalang.” Bulong ko sa sarili. Gumawa ako ng maliit na hukay sa paanan ng puno, at noong sapat na ang lalim nito ay ibinaon ko ang kwintas at saka tinabunan ang hukay. Sa ibabaw ng hukay nagpatong ako ng isang malaking bato at sa ibabaw ng malaking bato ipinatong ko naman ang bato na mula sa dagat bilang palatandaan.

“Magaaral akong maigi. Babalikan kita pag hindi na ako mangmang. Babalikan kita pag alam ko na ang halaga mo.”  Paaalam ko sa kwintas.

Nagsagwan na ako pabalik. Ngayon, nagbalik na sa dati ang dagat. Dama ko na ulit ang kalayaan. Magaan na ulit ang aking dibdib. Nagsawan na ako pabalik, magisa at malaya.